

Kung Halaman si Bienvenido

Vim Nadera

Kung halaman si Bienvenido
Lumbera, púno siya siguro.
Kamagong na ang balat ng troso
Ay gamot gaya ng kritisismo.

Nilanggas niya ang puso't utak
Ng api at nang-aaping antas—
Gamit ang pabigkas at pasulat
Na akda niyang dayap sa sugat.

Nilulunasan niya ang kati
Ng imperyalismong dumarami
Sa dilaw, pula, at kayumangging
Ikinahihiya ang sarili.

O di kaya siya ay mulawing
Nabubuhay sa tuyong lupain?
Tulad nang siya ay ikinarsel
Nang walang pagkain at inumin?

Tibay niya ay napatunayan
Ng barko at iba pang sasakyang
Saksi sa tatag ng kaloobang
Punô ng pagmamahal sa bayan?

Maaari ding siya ay nara
Ginto mula ulo hanggang paa:
Panghugas-buhok ay nasa sanga
Samantalang may pulòt sa bunga.

Kapuwa sila dinadakila
Pagkat may ugat sila sa lupang
Di nila winawalang-bahala—
Kaya pareho silang pambansa.